Mga Benepisyo ng Pagiging UNV volunteer

Ang pakikinabang sa pagvovolunteer ay higit pa sa pagtatrabaho para sa salapi. Bawat assignment ay nakapagdudulot ng personal at propesyonal na kasiyahan para sa isang UNV volunteer. Ito ay dahil maaari mong gamitin ang iyong mga kaalaman at kakayahan sa isang panibagong lugar at layunin. Ang katuparan ng hamon na ito ang patuloy na magbibigay-inspirasyon sa iyong patuloy na pagbabahagi ng kaalaman habang tinutuklas kung ano ang mga isyung nakaaapekto sa buhay ng ibang tao.

Bilang kapalit sa kanilang mga serbisyo, natatanggap rin ng mga UNV volunteers ang sumusunod:

- Settling-in Grant
- Volunteer Living Allowance para sa pang-araw-araw na gastusin
- Travel Costs, sakaling ma-assign sa ibang bansa
- Annual Leave
- Life, health at permanent disability insurances
- Resettlement Allowance, ibibigay pag natapos ang assignment, base sa tagal nito

Boses ng mga Volunteer

"The UNV programme enabled me to have a highly enriching and challenging professional and personal experience. It will be an important landmark in my life." (Nakatulong ang UNV Programme upang magkaroon ako ng makabuluhan na propesyonal at personal na karanasan. Ito ay magiging isang mahalagang muhon sa aking buhay.)

G. Conradin Rasi (Switzerland)
UNV volunteer

"I realized that there were a lot of people doing volunteer work in order to help us in the third world. I said to myself, "if they are doing it for us, we can do it for ourselves too." (Napag-isipan kong maraming tao ang sumasali sa pagvovolunteer para tulungan kaming mga nasa third world. Sabi ko sa sarili ko, "Kung ginagawa nila ito para sa'min, magagawa rin namin ito para sa sarili.")

Bb. Nipanema Mdoe (Tanzania)
UNV volunteer

"Being an online volunteer is being able to volunteer at anytime that is convenient. It is a great experience to be able to benefit those who live so far away." (Ang pagiging isang online volunteer ay ang pagvovolunteer sa kahit anong oras na mayroon ka. Isang magandang karanasan ang pagtulong sa ibang nasa malayong lugar.)

Bb. Minh Vo (Vietnam)
Online Volunteer of the Year 2006

Tungkol sa UNV Volunteers

Itinataguyod ng UNV ang Volunteerism for Development (V4D). Ito ay ang paggamit sa volunteerism sa iba-ibang nitong aspeto – tulong na mutwal at pagtulong sa sarili, pilantropiya at serbisyo, pag-aadvocate at pangangampanya – upang masuportahan ang mga plano ng pag-unlad ayon sa UN agenda ng kapayapaan at pag-unlad.

Pinagsasama ng UNV sa pagkilos ang mga volunteers sa loob at labas ng bansa para sa mga proyekto ng pag-unlad ng mga ahensya ng UN, mga gobyerno at iba pang mga kasama. Kasali rin ang mga UNV volunteers sa mga proyektong pantao, pagpapanatili ng kapayapaan at programang pang-eleksyon. Mahahalaga ang kanilang kontribusyon sa pagpapalakas ng pag-unlad sa tatlong aspeto:

- Pagbibigay ng opurtunidad , pagbibigay-daan na magamit at makatanggap ang lahat ng mga karampatang serbisyo
- Pagsali at paglahok
- Pagkilos ng mga komunidad sa pamamagitan ng kusang pag-aksyon

Iba pang kaalaman

Para sa iba pang impormasyon ukol sa pagiging isang UNV volunteer at upang sumali, maaaring makipag-ugnayan sa:

Cyprus Recruitment Resources Center
P. O. Box 25711
1311 Nicosia, Cyprus
Telephone: (357 22) 87 83 60
Fax: (357 22) 87 83 61
Email: enquiry@unvolunteers.org
Website: www.unv.org/how-to-volunteer

Mga mamamayan mula sa developing countries ay maaaring makipag-uganayan sa lokal na opisina ng UNDP upang makakuha ng UNV application set.

UNV is administered by the
United Nations Development Programme (UNDP)
UNV, 2009

Maging isang Volunteer

Ang pagiging isang volunteer ay ang pagsuporta sa mga prinsipyong isinasapuso ng United Nations: na sa pamamagitan ng pagkakaisa ay maaari tayong bumuo ng isang higit na mabuting mundo para sa lahat. Ang pag-vo-volunteer ay nakatutulong sa buong lipunan at nakapagpapabuti ng buhay ng mga indibidwal pati na rin ang buhay ng mga nag-vo-volunteer.

Nakatutulong ang mga UNV volunteers sa pagsasakatuparan ng Millennium Development Goals sa pamamagitan ng pagsugpo sa kahirapan; pagbabahagi sa ekonomiko, sosyal at pulitikal na pag-unlad; pagpapanatili ng kapayapaan at katahimikan at pagpapabuti ng kalusugan at kabutihan ng milyung-milyong mga tao sa buong mundo. Pinagbubuti rin nila ang mga opurtunidad at pakikilahok habang lumilikha ng mga namumukod-tanging kontribusyon sa mga local at nasyonal na lipunan.

Paano mag-volunteer

Ang sulating ito ay nagpapakita ng mga maaaring pagpiliang gawin upang makiisa sa UN Volunteers o sa mga kaugnay na proyekto. Ang mga ito ay ang sumusunod:

- International UNV volunteers
- National UNV volunteers
- Online volunteers
- Iba pang opurtunidad

UNV volunteers

Bawat taon, higit sa 7, 000 babae at lalaking may kakayanan at karanasang propesyonal na mula sa 170 nasyonalidad ang naglilingkod bilang UNV volunteers sa loob ng 140 na bansa. Bahagi sila ng pagsasakatuparan ng Millennium Development Goals: pagsugpo sa kahirapang pantao, pagpapatupad ng demokratikong gobyerno, pagpapalaganap ng pulisiyang pang-enerhiya at pang-kalikasan, pagpapalakas ng kakayahang pigilan at tugunan ang krisis, at paglaban sa pagkalat ng HIV at AIDS.

International UNV Volunteers

Animnapung porsyento ng UNV volunteers ang naglilingkod sa mga lugar liban sa kanilang sariling bansa. Sila ay isinali para makapagbigay ng kakayahang makatutulong sa mga programa ng pang-unlad, at sa kasalukuyan, dumarami ang tumutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan, pagkilos para sa mga proyektong pantao, at mga prosesong elektoral na sinusuportahan ng UN.

Ang programa ng UNV ay mayroong grupo ng mga kandidatong nagtataglay ng naaayon na kasanayan sa mga sector na ito. Kasama rito ang higit sa 100 na propesyonal na batayan. Halimbawa ay ang mga sumusunod: pagpapaulad sa programa o sa proyekto, administrasyon, komunikasyon, pag-unlad sa komunidad, demobilisasyon at muling pag-i-integrasyon, pagpigil sa mga matinding kapahamakan, mga usapang pantao at sibil, pag-iinhinyero, kalikasan, HIV/AIDS, gamot, karapatang pantao, logistics at suporta sa eleksyon.

National UNV Volunteers

Apatnapung porsyento ng UNV volunteers ang naglilingkod sa kanilang sariling bansa; sumusuporta sa mga nasyonal na proyekto sa pagpapatibay ng kakayahan at namamahala sa local networking at pagpapalitan ng impormasyon.

Ang pagpapasali sa mga national UNV volunteers ay pinamamahalaan sa bansang lebel lamang. Ang mga nagnanais makisama na may sapat na karanasan at kasanayan ay maaaring dumulog sa local na opisina ng UNDP upang malaman ang mga oportunidad na maaari nilang salihan.

Mga Katangiang Kailangan upang maging UNV volunteer

Upang maging isang UNV volunteer, kailangang taglay mo ang mga sumusunod:

- May university degree o higit pang technical diploma
- May ilang taon nang karanasan sa pagtatrabaho
- 25 taong gulang o higit pa
- May sapat na kaalaman sa paggamit ng isa sa mga salitang ginagamit ng UN: Ingles, Pranses at Español
- May malakas na paninindigan sa mga pinaniniwalaang prinsipyo ng volunteerism
- May kakayahang bumagay sa isang multi-cultural na kapaligiran
- May kakayahang maki-angkop sa mahirap na kondisyon ng pamumuhay
- May kakayahang makisalamuha sa iba-ibang tao at organisasyon
- May karanasan na sa paglilingkod o/at may karanasan nang magtrabaho sa isang developing country

UNV is administered by the
United Nations Development Programme (UNDP)

Iba pang opurtunidad

Ang unang lugar na dapat hanapan ng opurtunidad upang makilahok sa pag-volunteer ay ang sarili mong komunidad. Makialam sa iyong komunidad at sa iba pang grupong itinatag sa inyong lugar ng tirahan. Alamin ang mga proyektong lokal at mga grupo sa iyong komunidad upang malaman ang mga natatagong isyu at proyekto na maaaring nangangailangan ng iyong sigasig at kakayahan.

Maaari ka ring sumali sa isang grupo o organisasyon ng mga national volunteers sa iyong bansa; regular mong ialok ang iyong mga kagalingan at kakayahan.

Kung nais mong ibahagi ang iyong mga kakayahan at kaalaman sa mga mamamayang mula sa ibang bansa, magsaliksik ukol sa mga organisasyon sa iyong tahanang bansa na naghahanap ng mga volunteers para sa mga assignments na ito. Ang mga volunteer programmes ay maaaring magkaiba sa klase, tagal, kailangang kasanayan at silbi.

Maaaring may mga opurtunidad nang masasalihan ngayon. Ang iyong pagkamaparaan, pagtitiyaga at ang pakikialam ay makatutulong sa iyong paghahanap ng assignment na nararapat sa iyo.

Isa pang makukuhanan ng impormasyon ukol sa mga opurtunidad na mag-volunteer ay ang World Volunteer Web na pinatatakbo ng UN Volunteers. Hanapin ang “Take Action” sa: worldvolunteerweb.org

Online Volunteering service ng UNV

Idinurugtong ng UNV Online Voluntering service ang mga organisayong para sa pag-unlad at mga volunteers mula sa iba-ibang parte ng mundo habang sinusuportahan ang kanilang magkasamang paglilingkod. Ang mga volunteers dito ay hindi naglalakbay o nagkikita nang personal. Sa halip, ang mga online volunteers ay maaaring mag-apply at makilahok sa paghahanap ng assignments gamit ang Internet. Ang mga online volunteers ay hindi UNV volunteers, at ang mga kailangang katangian ay maaaring magkaiba. Para sa ibang detalye, puntahan ang website na ito: onlinevolunteering.org